BAY AREA AIR QUALITY MANAGEMENT DISTRICT

## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Agosto 25, 2021
**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Erin DeMerritt, (415) 517-4147

# Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith ng Distrito ng Hangin, nagbibigay ng higit pang oportunidad sa mga lider sa komunidad ng Bay Area

*$750,000, available para sa mga grupo sa komunidad, samahan sa komunidad, at nonprofit*

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang pagkakaroon ng $750,000 sa pamamagitan ng Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith para sa mga grupo sa komunidad, samahan sa komunidad, at nonprofit para magawa nilang makibahagi sa mga pagpapasyang nakakaapekto sa kanilang kapaligiran at kalusugan.

Nilalayon ng Air District na makipag-partner sa mga lider sa komunidad sa Bay Area para maitaguyod ang mga lokal na pagsisikap na nagpapaganda sa kalidad ng hangin at nagbabawas sa pagkakalantad sa pagpaparumi sa hangin. Dapat gamitin ang mga grant sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng mga estratehiyang nagsusulong ng tunay na pakikibahagi ng komunidad sa pagpaplano ng mga aktibidad na nagpapaganda sa kalusugang nauugnay sa kapaligiran ng komunidad.

“Ang Programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith ay isang napakagandang pagkakataon para mabigyan ang mga grupo sa komunidad ng mga instrumento para sila ay maging mga pangunahing player at makalahok sa mga pagpapasyang direktang nakakaapekto sa kalidad ng hangin at sa kanilang kalusugan,” sabi ni Jack Broadbent, ang tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Inaasahan naming makipagtulungan sa mga lokal na grupo sa komunidad para makagawa ng mga makabuluhang pagpapaganda sa kalidad ng hangin at maghatid ng parehong mithiin ng isang malusog na komunidad.”

Pinagsama-sama ng Air District ang mga elemento mula sa nakaraang Programa sa Grant ni James Cary Smith at programa ng Grant sa Pagprotekta sa Kalusugan ng Komunidad para makagawa ng mas nakatuong programa ng Grant sa Komunidad ni James Cary Smith. Idinisenyo ang bagong programa para patatagin ang mga partnership sa mga organisasyon sa komunidad at gamitin ang kakayahan ng komunidad para mapaganda ang lokal na kalidad ng hangin at mapabuti ang kalusugan.

$100,000 kada taon ang maximum na halaga para sa isang indibidwal na gawad, na may posibilidad na mapondohan nang hanggang tatlong taon. Nasa hurisdiksyon dapat ng Air District ang mga

proyekto, at bibigyang-prayoridad ang mga komunidad na nagsusulong ng katarungan para sa kapaligiran. Hindi kwalipikado ang mga proyekto sa West Oakland at Richmond/San Pablo dahil sa mga kasalukuyang proyekto na awtorisado ng Panukalang-batas ng Asembleya ng California 617.

Dapat isumite ang mga application bago mag-5 p.m. Pacific Time sa Oktubre 1, 2021. Para sa karagdagang impormasyon at para mag-apply, bumisita sa www.baaqmd.gov/communitygrants.

Ang Bay Area Air Quality Management District ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900*
*Homepage ng Air District* | *Mga Pahayag sa Media*